

Name : _____

Topic: Araling Panlipunan – Pananakop ng Hapon at Pagsiklab ng Digmaang Pandaigdig

PANUTO: Isulat ang **T** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at **M** kung mali.

- _____ 1. Ang pagbomba ng Hapon sa base militar ng Amerika sa Hawaii nang walang deklarasyon ang nagpasiklab ng digmaan sa rehiyong Pacific.
- _____ 2. Pinamunuan ni Hen. Hirohito ang *blitzkrieg* o lightning war kaya upang mabilis masakop ng Germany ang Poland at ang mga iban pang bansa sa Europa.
- _____ 3. Ang Axis Power na naghasik ng lagim ay binubuo ng Germany, Japan at Great Britain.
- _____ 4. Matapos ang pagbomba sa Pearl Harbor sa Hawaii, walang hinintay na sandal at sinalakay din ng Hapon ang Pilipinas.
- _____ 5. Ang pinakamalaking pwersa ng Hapon na sumalakay sa Pilipinas ay pinamunuan ni Hen. Homma
- _____ 6. Hindi handa ang Pilipinas sa pagsalakay ng Hapon.
- _____ 7. Si Kapitan Jesus Villamor ay nagtagumpay na mataboy ang mga Hapon na sumalakay sa Batangas kaya siya ay binigyan ng parangal na *Distinguished Cross with oak Leaf Cluster*.
- _____ 8. Habang papalapit ang mga Hapon sa Maynila, lumikas si Quezon, ang kanyang pamilya at *war cabinet* sa Pangasinan upang mapanglagaan ang pamahalaan.
- _____ 9. Pinamunuan ni Hen. Douglas MacArthur ang bagongtatag na USAFFE na ang karamihang miyembro ay mga batang Pilipinong lalaki.
- _____ 10. Idiniklera ni MacArthur ang Maynila na “Open City” ngunit hindi nakinig ang mga Hapon at tuluyan nilang sinalakay ang Maynila na walang anumang depensa.
- _____ 11. Sa Corregidor Tunnel muling isinagawa ang inagurasyon ng pangulo at pangalawang pangulo ng Commonwealth.
- _____ 12. Si Hen. Arthur MacArthur ang nagsabing, “*I came through and I shall return.*”
- _____ 13. Si Hen. Jonathan Wainwright ang humalili kay Hen. MacArthur bilang pinuno ng USAFFE na naging United States Forces in the Philippines (USFP).
- _____ 14. Upang maiwasan na ang tuluyang pagkasira at kamatayan, napilitang sumuko si Hen. Edward King , na siyang pinuno ng mga sundalo sa Bataan.
- _____ 15. Ang Death Penalty ang kalunos-lunos na pangyayari na kung saan sapilitang pinagmartsa ng mga Hapon ang mga sundalong Pilipino at Amerikano mula Mariveles, Bataan hanggang sa San Fernando, Pampanga.

Name : _____